

PAGSURI SA MGA PROPETA



"Mga minamahal, huwag kayong magsipaniwala sa bawa't espiritu, kundi inyong subukin ang mga espiritu, kung sila'y sa Dios: sapagka't maraming nagsilitaw na mga bulaang propeta sa sanglibutan"

(1 Juan 4:1)

Palaging may propeta ang Dios na gagabay sa Kanyang bayan sa tamang landas. Gayunpaman, hindi lahat na umaangking propeta ay pinadala ng Dios.

Meron din ngang tunay na mga propeta na, nadala ng paghahangad sa pera, napalayo sa kanilang misyon at naging huwad na mga propeta. Nangyari ito kay Shemaiah, na tumanggap ng suhol para tuksuhin si Nehemias na magkasala (Neh. 6:10-13).

Paano natin makikilala ang tunay na propeta sa huwad? Ano ang gabay ng Biblia upang malaman natin ang pagkakaiba nila?





- Di-natural na pangyayari
- Pagiging kasundo ng Biblia
- Pagdakila kay Kristo
- Positibong epekto
- Natupad na mga hula

DI-NATURAL NA MGA PANGYAYARI

"Sapagka't paanong makikipagusap ang lingkod nitong aking panginoon sa panginoon kong ito? sapagka't tungkol sa akin, ay biglang nawalan ako ng lakas, ni may naiwan mang hininga sa akin!" (Daniel 10:17)



Ang ministeryo ng propesiya ay kalimitang may kasamang di-natural na mga pangyayari, maging sa panlabas (mga tanda), o nakikita sa propeta mismo.

Mga di-natural na pangyayari sa labas



Napatunayan ni Elias ang kanyang pangpropesiyang paglilingkod sa pagtawag sa apoy nabumaba at tupokin ang mga hindi mananampalataya (2 Hari 1:10)



Sa salita ng hindi kilalang propeta, ang paganong altar ng Betel ay nasira (1 Hari 13:5)

Mga di-natural na pangyayari sa propeta



Naging mahina si Daniel at hindi huminga sa pagkakaroon nya ng pangitain (Dan. 10:17)



Bumagsak sa lupa ang apostol na si Juan na parang patay sa pagtanggap nya ng pangitain (Apoc. 1:17)

Itong mga di-natural na mga pangyayari, ay hindi nagpapatunay sa isang propeta. Maaari ring pagpakita ng mga di-natural na tanda ang mga bulaang propeta sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kaaway (Apoc. 13:13).



PAGIGING KASUNDO NG BIBLIA

"Sa kautusan at sa patotoo! kung hindi sila magsalita ng ayon sa salitang ito, tunay na walang umaga sa kanila." (Isaias 8:20)




Nagbigay ng malinaw na pamantayan ang Isaias 8:20 upang subukan ang pagiging totoo ng isang propeta: dapat syang maging kaayon ng kautusan, ng Pentateuch; at ng mga patotoo, mga huling pahayag sa pamamagitan ng mga propeta.


Ipinaabot ng Dios ang Kanyang kaalaman sa pamamagitan ng mga propeta ayon sa kakayahan ng Kanyang bayan na umunawa ng mga mensahe. Kilala ito bilang "lumalagong katotohanan."

Kaya, bawat panahon ay may sariling "katotohanan sa kasalukuyan" (2 Ped. 1:12). Ngunit, dahil ang Dios ang nagpapaabot nitong katotohanan—at hindi Sya nagbabago (Santiago 1:17)—bawat bagong pahayag ay katugma ng mga naunang pahayag (Jeremias 28:8).

Dahil dito, sinumang propeta na sumasalungat sa turo ng Biblia ay huwad na propeta (Deut. 13:1-3).







PAGDAKILA KAY KRISTO

"At ang bawa't espiritung hindi ipinahahayag si Jesus, ay hindi sa Dios: at ito ang sa anticristo, na inyong narinig na darating; at ngayo'y nasa sanglibutan na"
(1 Juan 4:3)

Sinumang propeta na tumatanggi sa pag-iral ni Jesus, o hindi Sya ginagawang sentro ng mensahe, ay isang bulaang propeta (1 Juan 4:3).


Katugma dito, tumatanggap ang tunay na propeta sa mga reyalidad na ito kay Jesus:



Kanyang pagkadios




Kanyang pagkatawang-tao



Kanyang buhay na walang kasalanan



Kanyang kamatayang nagbabayad



Kanyang pagkabuhay na muli



Kanyang ministerio ng pamamagitan



Kanyang ikalawang pagdating

Ang mga propetang itinataas si Jesus ay hindi maghahanap ng sariling tagasunod o magtataas sa sarili (Gawa 4:12). Magiging handa silang maglingkod at hindi mananamantala sa mga pinapuntahan sa kanila (Marcos 9:35; Juan 13:16).

POSITIBONG EPEKTO

"Mangagingat kayo sa mga bulaang propeta, na nagsisilapit sa inyo na may damit tupa, datapuwa't sa loob ay mga lobong maninila. Sa kanilang mga bunga ay inyong mangakikilala sila. Nakapuputi baga ng mga ubas sa mga tinikan, o ng mga igos sa mga dawagan?"
(Mateo 7:15-16)



Ayon kay Jesus, makikilala ang mga propeta sa kanilang mga bunga (Mt. 7:15-16). Dalawang uri itong mga bunga, parehong positibo.





Ang bunga ng mensahe

Ang mensahe ng tunay na propeta ay nagpapatibay, nag-aaliw, at tumatawag sa pagsisisi (1 Cor. 14:3).



Ang bunga ng mensahero

Ang buhay ng propeta ay dapat tugma sa tamang doktrina. Halimbawa, hindi dapat sya mamuhay ng may malinaw na paglabag sa anoman sa Sampung Utos (Jude 1:16).







Bilang namamali na tao, maaaring magkamali ang mga propeta: tumakas si Jonas sa Dios; Mali ang pagtingin ni Pablo kay Juan Marcos; Nagkonwari si Pedro na mamuhay gaya ng mga Judio. Ngunit hindi 'yon ang paraan nila ng pamumuhay.

NATUPAD NA MGA HULA



"Ang propeta, na nanghuhula ng tungkol sa kapayapaan, ay makikilala nga siyang propeta, na tunay na sinugo ng Panginoon siya, pagka ang salita ng propeta ay mangyayari" (Jeremias 28:9)



Kabilang sa mga tungkulin ng propeta ang pagpapahayag ng mga pagnyayari sa hinaharap (propesiya). Kaya, maaari nating makita ang simpleng pormula upang makilala ang mga propeta: kung matutupad ang propesiya, tunay ang propeta (Jer. 28:9); kung hindi matupad ang propesiya, huwad ang propeta (Deut. 18:22).

Gayunpaman, may eksepsyon ang pormulang ito na dapat maunawaan natin ng tama.

Kung may ipinahayag na mabuting bagay sa malapit na hinaharap, ito ay dapat matupad palagi (Jer. 28:1-4, 15-17)



Kung may ipinahayag na mabuting bagay sa malayong hinaharap, maaari itong hindi mangyari dahil ito ay kondisyonal (gaya ng hula ni Isaias tungkol sa karanasan ng Israel kung tinanggap nito ang Mesias).



Ang mga hulang nagsasabi ng masama ay palaging kondisyonal. Kung may pagsisisi, nagbabago ang hinaharap (gaya ng nangyari sa Nineve matapos ang pangangaral ni Jonas).



“Ang Espiritu ay hindi ibinigay—o maaaring ipagkaloob—upang lampasan ang Biblia; dahil tahasang sinasabi ng Kasulatan na ang salita ng Dios ang batayan kung saan lahat ng katuruan at karanasan ay susubukan.”

E. G. W. (The Great Controversy, p. 7)

“Ang pinakahuling panlilinlang ni Satanas ay gawing hindi epektibo ang patotoo ng Espiritu ng Dios. “Kung saan walang pangitain, ang bayan ay napapahamak” (Kawikaan 29:18). Gagawa si Satanas ng mapanlikha, sa iba’t-ibang paraan at sa iba-ibang ahensya, upang alisin ang tiwala ng nalabing bayan ng Dios sa tunay na patotoo. Magdadala sya ng mga pekeng pangitain upang manlinlang, haloan ang mali ng katotohanan, upang mayamot ang mga tao na iisipin nila ang lahat na mga pangitain bilang mga uri ng panatismo; ngunit ang mga tapat na kaluluwa, sa paghahambing ng huwad at tunay, ay makikilala ang kaibahan sa pagitan nila.”

E. G. W. (Selected Messages, book 2, p. 78)

APENDIKS: TINANGGAP SI ELLEN G. WHITE BILANG PROPETA

Bago tanggapin si Ellen G. White bilang tunay na propeta, inihambing ng mga Adbentista ang kanyang pagkatao at kanyang mensahe sa mga tuntunin ng Bilia upang makilala ang tunay na mga propeta.

DI-NATURAL NA MGA PANGYAYARI	**Sa panahon ng kanyang pangitain, nagpakita si Ellen ng ilang hindi natural na pangyayari gaya ng hindi paghinga, o pambihirang lakas (pagtaas ng malaking Biblia sa isang kamay sa loob ng ilang oras).**
PAGKAKATUGMA SA BBILIA	**Wala tayong makikita saanman sa kanyang mga sulat na sumasalungat sa mensahe ng Biblia. Sya mismo ay palaging humihimok sa pag-aaral ng Biblia at humiling na suriin ang kanyang mga sulat sa liwanag ng Biblia.**
PAGDADAKILA KAY KRISTO	**Ang sentro ng kanyang mensahe ay pareho mula sa simula: Si Kristo at si Kristo lang.**
POSITIBONG EPEKTO	**Pareho ang mga nakakakilala sa kanya ng personal at mga nakabasa ng kanyang mga sulat ay makapagpapatunay na ang kanyang impluwensya ay may positibong impluwensya para sa ating Kristyanong karanasan.**
NATUPAD NA MGA HULA	**Halimbawa, ang napahabang Civil War ng America (inihula noong 1861); o ang apoy na sumira sa Review & Herald facilities (inihula noong 1901 at natupad noong 1902).**